2026

# Pakete ng Mapagkukunan para sa Hearing Aid

Virginia Department for the Deaf and Hard of Hearing

COMMONWEALTH of VIRGINIA

ERIC H. RAFF
DIREKTOR

Kagawaran para sa mga Bingi at Mahina ang Pandinig
1602 ROLLING HILLS DRIVE, SUITE 203
HENRICO, VIRGINIA 23229-5012

(804) 662-9502 V/TTY
(800) 552-7917 V/TTY
(804) 325-1290 VP
(804) 662-9718 FAX
www.vddhh.virginia.gov

# Tulong Pinansyal at mga Mapagkukunan para sa mga Hearing Aid

Ang Kagawaran para sa mga Bingi at Mahina ang Pandinig ng Virginia (Virginia Department for the Deaf and Hard of Hearing, VDDHH) ay nalulugod na ibigay sa iyo ang hearing aid packet na ito nang walang bayad. Dahil sa limitadong mga mapagkukunan, ang Commonwealth of Virginia ay hindi maaaring magbigay ng mga hearing aid o tulong pinansyal para sa pagbili ng mga hearing aid. *Gayunpaman, ang mga sumusunod na pahina ay naglalaman ng mga link sa mga mapagkukunan ng impormasyon at tulong pinansyal para sa mga hearing aid.*

Nagsusumikap ang VDDHH na bawasan ang mga hadlang sa komunikasyon sa pagitan ng mga taong Bingi o may kapansanan sa pandinig at ng mga nakakarinig, kabilang ang mga miyembro ng pamilya, mga provider ng serbisyo, at ang publiko. Bilang bahagi ng misyong ito, tumutugon ang aming ahensya sa mga kahilingan para sa impormasyon at mga referral tungkol sa iba't ibang paksang may kaugnayan sa pagkabingi kasama ang, ngunit hindi limitado sa assistive technology, mga pamamaraan ng komunikasyon, captioning, mga hearing aid, interpreting, telecommunications, at sign language. Mangyaring huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa VDDHH sa pamamagitan ng telepono sa (804) 662-9502, videophone sa (804) 325-1290, o sa pamamagitan ng pag-email sa info@vddhh.virginia.gov

Pinasasalamatan namin ang iyong interes sa Kagawaran para sa mga Bingi at Mahina ang Pandinig ng Virginia. Salamat sa pagpapahintulot na mapaglingkuran ka namin.

*Pagtatatuwa: Ang mga nilalamang nakapaloob dito ay ibinigay bilang paggalang para sa pagbibigay ng impormasyon at hindi dapat bigyang-kahulugan bilang isang pag-endorso ng Kagawaran para sa mga Bingi at Mahina ang Pandinig ng Virginia (Virginia Department for the Deaf and Hard of Hearing, VDDHH). Hindi kinokontrol, sinusubaybayan o ginagarantiyahan ng VDDHH ang kawastuhan o kalidad ng impormasyon, opinyon, produkto, serbisyo, at mapagkukunang iniaalok ng anumang organisasyon na nakalista rito. Ang VDDHH ay hindi umaako ng anumang responsibilidad o pananagutan para sa anumang pinsala, o pagkawala na dulot ng o may kaugnayan sa paggamit o pag-asa sa anumang impormasyon, opinyon, produkto, serbisyo, o mapagkukunang ibinibigay ng anumang organisasyong nakalista rito. Maaaring may ilang fee.*

Alternatibong Format:
Kapag hiniling, available ang dokumentong ito sa alternatibong mga format para sa mga taong may kapansanan.

## Tungkol sa mga Hearing Aid: Isang Pangkalahatang-ideya

*Consumer Reports*: Hearing Aids
Toll Free: (800) 333-0663 (serbisyo sa kostumer)
Email: www.consumerreports.org/member-support/email-member-support/
Website: www.consumerreports.org/health/hearing-aids/
Available ang gabay sa www.consumerreports.org/health/hearing-aids/buying-guide/

*National Institute on Deafness and Other Communication Disorders*: Hearing Aids
Walang Bayad: (800) 241-1044
Email: nidcdinfo@nidcd.nih.gov
Website: www.nidcd.nih.gov/health/hearing-aids
Available ang gabay sa www.nidcd.nih.gov/sites/default/files/Documents/health/hearing/nidcd-hearing-aids.pdf

*U.S. Food and Drug Administration*: Hearing Aids
Walang Bayad: (888) 463-6332
Website: www.fda.gov/medical-devices/consumer-products/hearing-aids

*Virginia Board for Hearing Aid Specialists and Opticians*
Telepono: (804) 367-8590
Email: hasopt@dpor.virginia.gov
Website: www.dpor.virginia.gov/boards/has-opticians
Available ang gabay sa www.dpor.virginia.gov/Consumers/Guide_HearingAids

**Inaatasan ng Code of Virginia (batas)** ang karamihan sa mga pribadong insurer ng kalusugan at mga HMO na sakupin ang diagnosis at paggamot para sa pagkabingi ng mga bata—na nagbibigay ng isang hearing aid bawat tainga (hanggang $1,500) bawat dalawang taon, nang walang copay, kapag inireseta ng mga awtorisadong propesyonal. Ang utos na ito ay naaangkop sa mga patakarang simula sa 2024 at sa mga susunod pa rito, na may mga partikular na pagbubukod para sa ilang panandaliang plano o pampublikong plano.
Code of Virginia: § 38.2-3418.21. Coverage para sa mga hearing aid at nauugnay na mga serbiyso

**Mga Legend** **Key:** **Mga Bata Mga Beterano**

## Mga Tulong na Programa ng Gobyerno

*Medicaid*
Ang coverage ng Medicaid para sa mga hearing aid ay magkakaiba sa bawat estado para sa mga nasa hustong gulang, kung saan ang ilang programa ng estado ay nagbibigay ng buong coverage at ang iba ay nagbibigay ng kaunti o walang suporta. Gayunpaman, sa ilalim ng pederal na utos ng EPSDT, lahat ng batang naka-enroll na wala pang 21 taong gulang ay dapat magkaroon ng mga serbisyo sa pandinig na sinasakop bilang medikal na kinakailangan sa medikal na paraan, na tinitiyak ang pare-parehong access sa buong bansa. Para sa impormasyon tungkol sa partikular na coverage ng iyong estado, makipag-ugnayan sa ahensya ng Medicaid ng iyong estado.

Walang bayad (877) 2672323
Website: https://www.medicaid.gov/medicaid/eligibility-policy

*Medicare Advantage (Part C)*
Hindi sinasakop ng Original Medicare ang mga hearing aid, ngunit maraming plano ng Medicare Advantage (Part C) ang nagbibigay ng mga benepisyo sa hearing aid, na maaaring kabilang ang bahagyang coverage, may diskuwentong presyo, o access sa mga partikular na vendor ng hearing aid 12. Magkaiba ang mga benepisyong ito depende sa plano at provider, kaya dapat suriin ng mga enroller ang Katibayan ng Coverage ng kanilang plano o direktang makipag-ugnayan nang sa kanilang insurer para sa mga detalye. Para sa tulong sa paghahambing ng mga plano o pagkumpirma ng mga benepisyo, tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) o bisitahin ang Medicare.gov
Website: https://www.medicaid.gov/medicaid/eligibility-policy/seniors-medicare-and-medicaid-enrollees

*Department of Medical Assistance Services (DMAS)*
600 East Broad Street
Richmond, Virginia 23219
Impormasyon tungkol sa Pakikipag-ugnayan sa Amin:
https://www.dmas.virginia.gov/about-us/contact-information
Website: https://www.dmas.virginia.gov
Ang DMAS ang ahensya na namamahala sa programa ng Medicaid ng Virginia at nangangasiwa sa mga benepisyo para sa mga karapat-dapat na miyembro. Sa ilalim ng patakaran ng DMAS, ang mga hearing aid ay sakop na benepisyo para sa mga bata at kabataang wala pang 21 taong gulang sa pamamagitan ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diyagnostiko, at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment, EPSDT). Ang kanilang Programa sa Audiology at Pandinig sa PDF format ay madaling makukuha sa:
https://vamedicaid.dmas.virginia.gov/sites/default/files/2023-07/EPSDT%20Audiology%20and%20Hearing%20Manual%20-%20%28updated%205.2.19%29_FINAL.pdf

*Department of Veterans Services (DVS)*
Telepono: (804) 786-0286
Walang Bayad (844)-838-7838
Fax: (804) 786-0302
Email: info@dvs.virginia.gov
Website: www.dvs.virginia.gov
ADA Coordinator: https://www.dvs.virginia.gov/about-us/ada-notice
Ang Virginia Department of Veterans Services ay naglilingkod sa mga beterano ng Virginia, mga miyembro ng Virginia National Guard, mga residente ng Virginia sa Armed Forces Reserves, at mga miyembro ng kanilang pamilya, sa pamamagitan ng pagtiyak na natatanggap nila ang napapanahong paglipat, tulong sa trabaho at edukasyon, mga benepisyo, pangangalagang pangkalusugan, pangmatagalang pangangalaga at pagkilala na nakamit nila sa pamamagitan ng paglilingkod sa ating bansa at sa Commonwealth.

*Vocational Rehabilitation (VR)*
Pangunahin: (804) 616-4838 (Mga Serbisyo sa Bingi at Mahina ang Pandinig)
Website: https://dars.virginia.gov/employment-services/
Ang Kagawaran para sa mga Serbisyo sa Pagtanda at Rehabilitasyon (Department for Aging and Rehabilitative Services, DARS) ng Virginia ay nagbibigay ng mga serbisyo sa Vocational Rehabilitation (VR) upang matulungan ang mga indibidwal na may mga kapansanan na maghanda, makakuha, at magpanatili ng makabuluhang trabaho. Para sa mga indibidwal na may pagkabingi, nagbibigay ang VR ng mga personalized na plano sa trabaho na maaaring kasama ng pagpopondo para sa mga hearing aid, assistive listening device, at mga kaugnay na suporta. Ang pagiging

karapat-dapat ay nakadepende sa kung paano nakakaapekto ang kondisyon sa pandinig sa kakayahan ng isang tao na magtrabaho, hindi sa kita, bagama't ang ilang serbisyo ay maaaring may kasamang pagbabahagi ng gastos. Pagkatapos ng pag=assess, ang mga tagapayo sa VR ay nakikipagtulungan sa mga indibidwal upang makuha ang teknolohiya at mga serbisyo sa pandinig na kinakailangan para sa pagiging handa sa trabaho, pagsasanay, at pangmatagalang tagumpay sa trabaho.

## Mga Loan para Makabili ng mga Hearing Aid

*CareCredit*
Walang Bayad: (800) 677-0718
Website: www.carecredit.com/hearing
Nagbibigay ang CareCredit ng healthcare credit card na maaaring gamitin para sa mga gastusing may kaugnayan sa pandinig—tulad ng mga pagsusuri sa pandinig, hearing aid, cochlear implant, at mga kaugnay na serbisyong follow-up—sa libu-libong lokasyon ng provider sa buong bansa. Pinapahintulutan nito ang mga aplikante na hatiin ang mga bayad sa katagalan gamit ang mga tamang buwanang plano sa pagbabayad, na napapailalim sa pag-apruba ng credit.

*Virginia Assistive Technology Loan Fund Authority (ATLFA)*
Telepono: (804) 662-9000
Walang Bayad: (866) 835-5976
Email: atlfa@atlfa.org
Website: www.atlfa.org
Ang ATLFA ay nagbibigay ng mga loan na mababa ang interes (karaniwan ay mga 5%, na may mga flexible na term ng pagbabayad at walang paunang bayad) sa mga residente ng Virginia na may mga kapansanan, kabilang ang mga hearing aid, mga device sa komunikasyon, at iba pang assistive technology—kahit na para sa mga may hindi maganda o limitadong credit. Maaaring mag-apply ang sinumang residente ng Virginia na may kapansanan (o ang kanilang tagapag-alaga) sa pamamagitan ng pagkumpleto ng mga aplikasyon para sa direktang loan at personal na impormasyon at pagsusumite ng mga ito kasama ang isang quote mula sa vendor, patunay ng kita, at dokumentasyon ng kapansanan. Ang mga desisyon sa loan ay ginagawa buwan-buwan ng isang komite, at ang mga pangangailangan sa emerhensya ay maaaring matugunan agad sa pamamagitan ng direktang pakikipag-ugnayan sa kanila.

## Mga Pambansang Organisasyon na Maaaring Magbigay ng Libre o mga May Diskuwentong Hearing Aid o Mga Grant para Bumili ng Hearing Aid

*2 Ears 2 Learn (BAHA)*
Pangunahin: (208) 949-6975
Website: https://2ears2learn.org/for-parents/application-sound-processor-aka-baha-device/
Ang 2 Ears 2 Learn ay isang non-profit na organisasyon na nakatuon sa pagtulong sa mga batang apektado ng Microtia at Aural Atresia. Ang Microtia at Aural Atresia ay mga problema sa pagbuo ng external ear at ear canal.  Kadalasan ang mga ito ay one sided (unilateral) ngunit paminsan-minsan ay maaaring mangyari sa parehong tainga (bilateral).  Nauunawaan ng karamihang tao na ang pagkabingi sa parehong tainga ay isang kapansanan, ngunit karamihan ay hindi alam ang malaking kapansanan na dulot ng pagkabingi ng isang tainga at kung paano ito nakakaapekto sa kakayahan ng isang bata na matuto.

*Beltone Hearing Care Foundation*

Pangunahin: (847) 832-3300
Walang Bayad: (866) 521-7164
Walang Bayad: (800) 235-8663 (pangangalaga sa pasyente/serbisyo sa customer)
Website: https://www.beltone.com/en-us/why-beltone/beltone-foundation
Ang Beltone Hearing Care Foundation ay isang 501(c)(3) na kawanggawang organisasyon na nagdo-donate ng mga behind-the-ear (BTE) na hearing aid sa mga kuwalipikadong indibidwal na nangangailangan nito ngunit hindi kayang bilhin ang mga ito. Para mag-apply, ang mga aplikante ay dapat bumisita sa isang lokal na provider ng Beltone, sumailalim sa pag-asses ng candidacy, at isumite ang kanilang aplikasyon sa ngalan nila; sinusuri ng lupon ng foundation ang mga aplikasyon sa loob ng humigit-kumulang 30 araw. Ang programa ay nakatulong na sa libu-libong indibidwal at nagbibigay ng mga libreng hearing aid, bagama't walang custom (in-the-ear) device na ibinibigay sa kasalukuyan.

*Healthy Hearing*: Insurance at Tulong Pinansyal para sa mga Hearing Aid
Walang Bayad: (800) 567-1692
Email: www.healthyhearing.com/contact-us
Website: www.healthyhearing.com/help/hearing-aids/insurance-financial-assistance
Ang misyon ng Healthy Hearing ay bawasan ang oras sa pagitan ng pangangailangan para sa pangangalaga sa pandinig at paghingi ng pangangalaga sa pandinig sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon tungkol sa pagkbingi, mga hearing aid, implantable device, at mga assistive listening device. Mahahanap ang mga lokasyon ng klinika sa website.

*Hearing Loss Association of America*: Tulong Pinansyal
Telepono: (301) 657-2248
Email: inquiries@hearingloss.org
Website: https://www.hearingloss.org/find-help/financial-assistance/
Ang pambansang komunidad ng HLAA ay nagbibigay ng edukasyon, koneksyon at suporta sa lumalaking bilang ng mga taong mayroon, at nasa panganib ng, pagkbingi. Mahahanap sa website ang mga lokal na chapter ng Virginia.

*Help America Hear Program*
Pangunahin: (631) 366-3461
Walang Bayad: (888) 580-8886
Email: info@helpamericahear.org
Website: http://helpamericahear.org/help-america-hear-program
Dati itong kilala bilang Foundation for Sight & Sound, at nagbibigay ito ng mga bago, at de-kalidad na hearing aid na may reseta sa pinakamababang deposito na maaaring ibalik sa mga indibidwal at pamilyang may mababang kita na naubos na ang iba pang opsyon sa pananalapi. Dapat matugunan ng mga aplikante ang pamantayan sa kita at ari-arian, magsumite ng dokumentasyon ng katamtaman hanggang sa matinding pagkabingi, at magbayad ng katamtamang fee (karaniwan ay $250), na maaaring i-refund o i-donate para sa mga serbisyo. Ang mga aprubadong kalahok ay makakatanggap ng dalawang iniresetang hearing aid, mga pasadyang mold, at isang taon ng limitadong serbisyo, kasama ang mga device na ibinibigay ng GN ReSound at propesyonal na suporta sa pag-fit.

*Lions Clubs International Foundation:* Proyekto para sa Abot-kayang Hearing Aid
Pangunahin: (630) 203-3819
Email: LionsAHAP@lionsclubs.org
Ang Lions Affordable Hearing Aid Project (AHAP), na pinapatakbo ng Lions Clubs International Foundation sa pakikipagtulungan ng Rexton Inc., ay nagbibigay ng **libre o murang mga digital hearing aid** at komprehensibong pagsusuri, pag-fit, at mga serbisyo para sa follow-up sa mga indibidwal na may mababang kita sa pamamagitan ng mga lokal na Lions club at mga aprubadong propesyonal sa pangangalaga ng pandinig. Para mag-apply, ang mga indibidwal ay dapat makipagtulungan sa kanilang lokal na Lions Club, na magbe-verify ng pagiging karapat-dapat sa kita (karaniwan ay nasa o mas mababa sa 200% ng pederal na antas ng kahirapan), ayusin ang mga pagsusuri ng audiologist, at magsumite ng mga aplikasyon sa ngalan nila. Ang mga hearing aid ay ino-order na pinamamahalaan sa isang pangunahing lokasyon at direktang ipinapadala sa provider, kung saan ang programa ang sasagot sa mga gastos sa device habang ang mga lokal na club ay maaaring tumulong sa mga fitting fee, mga molde, at patuloy na pangangalaga.

*Miracle-Ear Foundation*
Walang Bayad: (800) 234-5422
Walang Bayad: (877) 632-6320 (serbisyo sa customer)
Email: miracleearfoundation@amplifon.com
Website: https://www.miracle-earfoundation.org/gift-of-sound
Ang programang "Gift of Sound" ng Miracle-Ear Foundation ay nagbibigay ng libreng hearing aid at panghabambuhay na aftercare sa mga indibidwal at pamilyang nagamit na ang ibang opsyon sa pananlappi at nakakatugon sa pagiging karapat-dapat sa kita. Ang mga kuwalipikadong nasa hustong ay magbabayad ng hindi mare-refund na fee sa aplikasyon (karaniwan mga $200), habang ang mga bata ay tumatanggap ng serbisyo nang walang bayad, at lahat ng tatanggap ay makakatanggap ng mga hearing aid na ipini-fit ng mga lokal na propesyonal sa Miracle-Ear. Ang foundation ay nakapag-donate na ng mahigit 54,000 device simula noong 1990 at sumusuporta sa mga tatanggap nito sa pamamagitan ng patuloy na serbisyo at pag-aayos na isinasagawa sa pamamagitan ng mga Miracle-Ear center.

*Sertoma, Inc.* / Hearing Charities of America National Hearing Aid Project
Telepono: (816) 895-2410
Email: hcoa@sertomahq.org
Website: https://www.sertoma.org/Hearing-Aid-Project
Ang Hearing Aid Project (HAP), na pinapatakbo ng Sertoma International at pinagsama sa Hearing Charities of America, ay nagbibigay ng libreng inayos na mga hearing aid at mga accessory sa mga indibidwal na may mababang kita sa buong U.S., sa pakikipagtulungan sa mga unibersidad at mga provider ng audiology. Dapat kumpletuhin ng mga aplikante ang isang aplikasyon at beripikasyon ng kita; ang mga tinatanggap na hearing aid ay inaayos sa University of Kansas Medical Center at ipinamamahagi sa pamamagitan ng isang pambansang network ng provider. Sakop ng programa ang serbisyo, fitting, at follow-up na pangangalaga nang walang bayad sa mga tatanggap.

*The Hearing Improvement Kids Endowment Fund, Inc. (The Hike Fund)*
Pangunahin: (712) 325-0812
Email: applications@thehikefund.org
Website: www.thehikefund.org
Ang Hike Fund ay nagbibigay ng mga grant para sa mga hearing aid at assistive listening device sa mga bata sa U.S. mula bagong silang hanggang 20 taong gulang na ang mga pamilya ay kinakaharap ang kahirapan sa pananalapi, na nangangailangan ng reseta at beripikasyon ng candidacy ng isang audiologist o doktor. Ayon sa kanilang pahina ng Impormasyon sa Aplikasyon, pansamantalang itinigil nila ang pagproseso hanggang pagkatapos ng Agosto 10, 2025, at kasalukuyang tumatanggap at nagpoproseso ng mga nakumpletong aplikasyon na natanggap pagkatapos ng petsang iyon. Ang

mga aplikante ay dapat magsumite ng anim na pahinang aplikasyon—kabilang ang dokumentasyon ng kita, audiogram, at vendor quote—at ang mga desisyon sa grant ay ginagawa ng lupon, na may abiso sa loob ng ilang linggo mula sa pagtanggap.

*Travelers Protective Association (TPA) Hearing Trust*
Telepono: (636) 724-2227
Walang Bayad: (877) 872-2638
Email: trustsecretary@tpahq.org
Website: www.tpahq.org/community-engagement/hearing-trust/
Ang TPA Hearing Trust, na itinatag noong 1975 ng Travelers Protective Association, ay nagbibigay ng taunang mga grant mula $100–$1,000 sa mga mamamayan ng U.S. na bingi o mahina ang pandinig at may pinansyal na pangangailangan, sinasakop ang mga hearing device, paggamot, at mga espesyal na serbisyo
Ang mga aplikante ay maaaring makatanggap ng tulong isang beses sa isang taon, dapat magsumite ng mga resibo ng gastos, at ang mga desisyon ay ginagawa ng isang lupon na sumusuri sa mga quarterly na pagsusumite, na may mga abiso na ipinapadala sa loob ng 30 araw pagkatapos ng pagtatapos ng bawat quarter. Sa kasalukuyan, ang Trust ay nakapagkaloob na ng mahigit $2.4 na milyon sa humigit-kumulang 6,100 indibidwal at umaasa sa mga donasyon, pamana, at kita sa pamumuhunan upang pondohan ang mga scholarship grant nito.

*United Healthcare Children's Foundation (UHCCF)*
Pangunahin: (855) 698-4223
Email: uhccfcustomerservices@uhc.com
Website: https://www.uhccf.org
Available online ang gabay: https://guidebook.ifopa.org/unitedhealthcare-childrens-foundation/
Ang UnitedHealthcare Children's Foundation (UHCCF) ay isang 501(c)(3) na kawanggawang organisasyon na nagbibigay ng mga medikal na tulong upang matulungan ang mga bata na makakuha ng access sa mga serbisyong may kaugnayan sa kalusugan na hindi sinasakop, o hindi ganap na sakop, ng commercial health insurance plan ng kanilang pamilya. Hindi kailangang maging miyembro ng UnitedHealthcare ang mga aplikante para makapag-apply.

*U.S. Department of Veterans Affairs*: Veterans Health Administration
Wawlang Bayad: 844MyVA311 (8446982311 para sa pangkalahatang impormasyon)
Linya ng mga Benepisyo sa Kalusugan: 877222VETS (8772228387)
Website: www.prosthetics.va.gov/psas/Hearing_Aids.asp
Sa pamamagitan ng Prosthetic & Sensory Aids Service (PSAS) ng Veterans Health Administration, ang mga karapat-dapat na beterano na naka-enroll sa pangangalagang pangkalusugan ng VA ay maaaring makatanggap ng mga libreng hearing aid, fitting, pag-aayos, baterya, at mga accessory tulad ng mga wireless streaming device at cochlear implant sa pamamagitan ng mga klinika ng audiology sa buong bansa. Ang mga beterano ay unang nagpaparehistro para sa pangangalagang pangkalusugan ng VA—gamit ang mga form tulad ng 1010EZ o sa pamamagitan ng telepono sa 877222VETS o 844MyVA311—pagkatapos ay sumailalim sa pagsusuri sa audiology upang matukoy ang mga pangangailangan sa device at makatanggap ng angkop na plano sa pagdinig. Komprehensibo ang programa at ganap na sinasakop ang pagpapanatili, mga baterya, at pangangalagang kasunod hangga't nananatiling aktibo ang pagiging karapat-dapat sa VA.Nasa ibaba ang mga Center ng VA na nagbibigay ng mga Serbisyo sa Audiology sa Virginia.

> *Charlottesville VA Clinic*
> 590 Peter Jefferson Parkway, Suite 250
> Charlottesville, Virginia 22911-4655
> Pangunahin: (434) 293-3890

*Fredericksburg 3 VA Clinic*
10432 Patriot Highway
Fredericksburg, Virginia 22408-2628
Pangunahin: (540) 707-7074

*Hampton VA Medical Center*
100 Emancipation Drive
Hampton, Virginia 23667-0001
Pangunahin: (757) 722-9961

## Mga Organisasyon sa Virginia na Maaaring Magbigay ng Libre o May Diskuwentong Hearing Aid o Mga Grant para Bumili ng Hearing Aid

*Here2Hear, LLC*
9327 Midlothian Turnpike, Suite 1S
North Chesterfield, Virginia 23235
Pangunahin: (804) 774-8311
Email: here2_hear@aol.com o Here2HearLLC@gmail.com
Website: https://here2hear.org
Ang Here2Hear ay isang 501(c)(3) na nonprofit na organisasyon sa Richmond na nagbibigay ng libre at murang serbisyo sa kalusugan ng pandinig—kabilang ang mga pagsusuri sa pandinig, pagsusuri sa tainga, at mga hearing aid na may mga opsyon sa loaner—sa mga residente ng Richmond, Henrico, Chesterfield, Colonial Heights, Charles City, at Petersburg. Nagbibigay din ang organisasyon ng mga seminar na pang-edukasyon, mga emergency communication kit para sa mga bingi o mahina ang pandinig na mga nasa hustong gulang, at suporta sa advocacy sa pagsunod sa ADA at mga karapatan sa pabahay. Ang mga programa ay ibinibigay ng mga lisensyadong audiologist at mga volunteer sa komunidad, at ang outreach ay iniayon sa mga populasyon na kulang sa serbisyo na may misyo para isulong ang kalusugan ng pandinig at accessibility.

*Lions Clubs International, Virginia*: Multiple District 24
Pangunahin: (540) 342-LION (540-342-5466)
Website: https://www.lionsclubs.org/en/explore-our-clubs/eyeglasses-and-hearing-aids-recycling
Ang Lions Clubs International sa loob ng Multiple District 24 ng Virginia ay nagpapatakbo ng isang Hearing Aid Recycling Program (HARP), na nangongolekta ng mga nagamit nang hearing aid, inaayos ang mga ito, at ipinamamahagi ang mga ito sa mga indibidwal na nangangailangan sa pamamagitan ng mga lokal na club at mga kaugnay na foundation tulad ng Central Virginia Lions Hearing Aid Bank sa Glen Allen. Sinusuportahan ng inisyatibang ito sa buong estado ang mga donasyon ng sign-language at hearing device, nakikitulungan sa mga lokal na club upang magbigay ng mga pantulong sa komunikasyon—kabilang ang mga hearing dog—at ikinokonekta ang mga tatanggap sa mga audiologist para sa mga fitting. Para ma-accesss ang mga serbisyo, maaaring makipag-ugnayan ang mga indibidwal sa kanilang lokal na Lions club o distrito (MD24) sa pamamagitan ng telepono o online club locator at maaaring makatanggap ng mga hearing aid na naayos sa pamamagitan ng programa.

*University of Virginia - Hearing Aid Loan Bank*
Blue Ridge Care Connection for Children
2205 Fontaine Avenue., Suite 201
Charlottesville, Virginia 22903
Contact: Lisa Powley
Tanggapan: (434) 924-0222
Walang Bayad: (866) 596-9367
Email: vhalb@virginia.edu
Website: https://childrens.uvahealth.com/support/blue-ridge-care-connection-program/

Ang Virginia Hearing Aid Loan Bank, na pinangunahan ng Blue Ridge Care Connection for Children at ng Virginia Department of Health, ay nagbibigay ng libreng pansamantalang hearing aid at mga FM system sa mga batang wala pang 18 taong gulang sa Virginia na nakumpirmang may pagkabingi sa anim na lokasyon. Ang programa ay bukas sa buong estado at nangangailangan ng kumpirmasyon ng diagnostic ng isang audiologist at pagkumpleto ng opisyal na aplikasyon upang makatanggap ng mga loaner device. Walang sinisingil na fee, ang mga device ay ipapadala sa loob ng limang araw mula sa pag-apruba ng aplikasyon upang tulungan ang mga pamilya sa paghahanap ng pondo at matiyak ang accessibility sa mahahalagang suporta sa pandinig.